



GABAY SA PAGSASABOG-TANIM

Hindi lamang sa gastusin makatitipid ang mga magsasakang magsasagawa ng sabog-tanim. Maging sa oras ay lamang sila! Kumpara sa lipat-tanim, mas maaga ng 7-10 araw ang paggulang ng palay na isinabog-tanim.

PAGHAHANDA NG LUPA

Araruhin ang palayan 3 linggo bago magsabog-tanim. Suyurin ito nang 3 beses na may tig-isang linggong pagitan. Pataging mabuti ang lupa gamit ang paleta. Bago magsabog ng binhi, gumawa ng mga maliliit na kanal paayon sa bukid.



Ang mga kanal ay magiging daluyan ng tubig upang mapabilis ang pagpapatuyo at para masiguro ang mabilis na pagtubo ng binhi.

MGA HAKBANG SA TAMANG PAGSASABOG-TANIM

1. Pagbababad at pagpapasibol ng buto

Ang inirerekomendang dami ng buto sa sabog-tanim ay 40-80 kilo sa isang ektarya.


- Hugasan ang binhi at alisin ang mga lumutang na butil na walang laman. Ibadad ang mga ito sa malinis na tubig sa loob ng 24 na oras. Palitan ang tubig kada 6 na oras kung ang pagbababaran ay hindi tuluy-tuloy ang agos ng tubig.
- Pagkaraan ng 24 na oras na pagkakababad, hugasang muli ang mga buto bago kulubin. Ilagay sa ibabaw ng paleta o kahoy upang magkaroon ng sapat na hangin at maiwasang mag-iinit ang ilalim ng sako. Patubuin ang mga buto sa pamamagitan ng pagtatakip ng dayami o giniikan, sakong walang laman, o lona. Panatiliing mamasamang mga binhi, mainam na siyasadin at bilingin ang mga sako upang maiwasan ang sobrang pag-iinit na maaaring makasira o makaantala ng pagtubo ng mga buto. Ang mainam na temperatura sa pagpapatubo ng buto ay 30°C. Sapat na ang 24-36 na oras ng pagkukulob. Kapag bahagyang sumibol na ang mga binhi, maaari na itong isabog sa palayan.



2. Paghahasik

May dalawang paraan ng pagsasabog-tanim: ang *manual broadcasting* at gamit ang *drumseeder*. Sa *manual broadcasting*, isinasabog ang pinatubong mga buto sa basang bukid nang pantay upang matiyak ang distribusyon ng mga ito.

- Patuyuan ang bukid bago magsabog-tanim. Gumawa ng kanal na may 30 sentimetro (sm) na lapad sa gilid ng mga pilapil para maging daluyan ng tubig sa pagpapatuyo. Kung madami ang mga kuhol, maaaring mag-*spray* ng lason sa kuhol isang araw bago magsabog-tanim.
- Magsabog ng 40-60 kilong *inbred* na binhing dekalidad sa bawat ektarya sa pahanay o patudling gamit ang *drumseeder* o 60-80 kilo sa manwal na pagsabog. Magsabog din ng 1 kilong pinasibol na ekstrang binhi sa gilid ng pinitak na maaaring pagkuhanan ng panghulip.



Sa *manual broadcasting*, magsabog ng 60-80 kilong *inbred* na binhing dekalidad sa bawat ektarya.

3. Pag-aalaga sa mga tumutubong binhi

- Hayaang tuyo ang palayan hanggang masigurong tumubo na ang mga buto. Tanggalin din ang tubig sa mga lugar na malalalim upang tumubo rin ang mga nahasik na buto. Maaaring magsagawa ng *flash irrigation* kung magkakaroon na ng bitak ang lupa.
- Mag-*spray* ng pamatay-damo (*pre-emergence herbicides*) sa palayan pagkaraan ng 3-7 araw. Kung may tumubong damo, manwal na bunutin ang mga ito o mag-*spray* ng *post-emergence herbicides* 10-15 araw. Dapat ay nakontrol na ang mga damo bago mag-30 araw ang tanim.
- Kapag may taas nang 2-3sm ang mga punla, patubigan ito. Panatilihin ang tubig sa lalim na 2sm at unti-unting palalimin hanggang 5sm ayon sa pagtaas ng punla. Siguraduhing kontrolin ang kuhol ayon sa mga rekomendadong pamamaraan.
- Hulipan ang mga tundos na kinain ng daga, kuhol, o ibon sa ika-7 hanggang 10 araw pagkasabog-tanim upang mapanatili ang tamang bilang ng populasyon ng mga tanim. Sa bawat metro kwadrado, nasa 150 o higit ang tamang bilang ng pananim para sa 40 kilong binhi.
- Maglagay ng unang pataba 15-21 araw pagkatapos ng pagsasabog (sundin ang dami ng abono batay sa babasahing "Gabay sa Pagpapalayan" o batay sa resulta ng ginawang pagsusuri ng sustansiya sa lupa).
- Palagiang bisitahin ang palayan upang malaman at maagapan ang mga potensyal na problema na dulot ng peste.

Paggamit ng *plastic drumseeder*

Ilagay ang 2 kilong pinasibol na binhi sa bawat *drum* ng *plastic drumseeder*. Siguruhing puno nang hanggang $\frac{3}{4}$ ang *drum* upang maging maayos ang paglabas ng binhi sa butas. Kung susundin ang 40 kilong binhi kada ektarya, takpan ang hanay ng 8 butas ng *plastic drumseeder*. Hilahin ang *drumseeder* at banayad lamang ang paglalakad upang maging tuwid ang linya ng nahasikan ng binhi. Sa ganitong paraan rin makasisigurong tama lamang ang dami ng mga butong malalaglag. Sa susunod na pasada ng *drumseeder*, gamiting gabay ang mga nadaanan ng gulong mula sa unang pagtatanim.



Sa paggamit ng *drumseeder*, mas madali ang pamamahala ng palay, makatitipid sa binhi, at maiiwasan ang pag-aksaya nito.

Sinuri nina Mr. Marvin DJ. Manalang, Dr. Manuel C. Regalado, at Mr. Frederick M. Saludez.